*Journal of Education and Academic Settings*
*(2024) Volume 1 Issue 1*

# RESEARCH ARTICLE

## Epekto ng maagang pag-aasawa ng mga batang mag-aaral ng Sulu State College Luuk Extension

Ahmed Aziz D. Alawan[1]*, Alnadzma U. Tulawie[1], Masnona S. Asiri[1]
[1]Sulu State College, Jolo, Sulu, Philippines
*Corresponding author: skinless24@gmail.com

*ABSTRACT***.** Ang pananaliksik ay isinagawa sa Sulu State College Luuk Extension sa Panuruang 2023-2024 ukol sa epekto ng maagang pag-aasawa ng mga batang mag-aaral sa nasabing paaralan. Sinuri din nito ang epektong pinagdaraanang karanasan ng mga batang maagang nag-asawa ayon sa iba't-ibang salik tulad ng emosyonal, espiritwal, mental, pinansyal, relasyonal, at sosyal. Sinuri din ng pananaliksik na ito kung may kaakibat ba na epekto ang demograpiko ng mga mag-aaral sa karanasan ng mga batang maagang nag-asawa. Ang pananaliksik ay isang *quantitative research* at ginanap sa Sulu State College Luuk Extension. Sa pamamagitan ng *purposive sampling,* pumili ang mananaliksik ng mga magiging respondante na nasa edad 14-18 taong gulang. Mayroong 103 na mag-aaral sa Sulu State College Luuk Extension ang napiling maging respondante ng pananaliksik. Natuklasan sa pag-aaral na ito na ang mga mag-aaral ay nakakaramdam ng positibong emosyon sa kanilang maagang pag-aasawa ngunit sila rin ay nakakaranas ng negatibong mentalidad at espiritwal na pananaw. Sila ay nakakaranas ng *hiya, pagsisisi,* at *kawalan ng tiwala sa sarili* dulot na rin sa tingin at pakikitungo ng ibang tao sa kanila. Samakatuwid, nagging positibo ang pananaw ng mga batang magulang sa tuwing nakikita nila ang kanilang mga anak na masaya, ngunit nakakaramdam pa rin sila ng pangamba na maiuugnay sa pinansyal, sosyal, at espiritwal. Mahalagang bigyang pansin ang kanilang estadong emosyonal, mental, pinansyal, espiritwal, sosyal, at relasyonal. Ang mga salik na ito ay may malaking papel sa pag-unlad ng kanilang pamumuhay lalo na't upang masolusyunan ang mga balakid ng maagang pag-aasawa.

*Mga Keyword:* edukasyon, emosyonal, mentalidad, pag-aasawa, pamilya, relasyonal, sosyal

***ARTICLE DETAILS***
*JEAS-00025; Received: March 12, 2024; Accepted: April 22, 2024; May 12, 2024*
***CITATION:***
*Alawan, A. A., Tulawie, A. U. & Asiri, M. S. (2024). EPEKTO NG MAAGANG PAG-AASAWA NG MGA BATANG MAG-AARAL NG SULU STATE COLLEGE LUUK EXTENSION. DOI: 10.62596/0g0crm61*
***COPYRIGHT***
*Copyright © 2024 by author(s). Journal of Education and Academic Settings is published by Stratworks Research Inc. This is an Open Access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution License (https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/), allowing redistribution and reproduction in any format or medium, provided the original work is cited or recognized.*

### Introduksyon

Tinatayang 21 milyong kabataang babae na may edad 15–19 taon ang nabubuntis bawat taon at ang pagkalat ng pagbubuntis sa kabataan ay 95% na mas mataas sa mga bansang *low-* to *mid-income contries* (LMICs) kumpara sa mga bansang may mataas na kita (Okoli et al., 2022). Sa buong mundo, ang pagbubuntis sa kabataan ay nagdudulot ng malaking suliranin sa pampublikong kalusugan (Bolarinwa et al., 2022; Chirwa et al., 2019; Gunawardena et al., 2019). Halimbawa, ang mga komplikasyon sa pagbubuntis at panganganak ang pangunahing sanhi ng kamatayan sa

mga kabataang babae at 99% ng lahat ng pagkamatay ng mga kabataang ina ay nangyayari sa LMICs (Ali et al., 2022).

Ang pagbubuntis sa kabataan ay may malaking epekto sa pisikal, emosyonal, at sikolohikal na aspeto na nagpapalagay din sa mga kabataan sa maraming risk factors at komplikasyon sa kalusugan (Natividad, 2013). Ang mga ina sa murang edad ay mas malamang na sumailalim sa mga iligal at hindi ligtas na pagpapalaglag na maaaring magdulot ng sakit o maging kamatayan (Melgar et al., 2018). Bukod dito, ang mga ina sa ganitong edad ay may mas mataas na panganib na magkaroon ng iba't ibang komplikasyon sa kalusugan tulad ng eclampsia, puerperal endometritis, at systemic infections kumpara sa mas matatandang ina (Pepito et al., 2022).

Sa iilang pagkakataaon, ang maagang pagbubuntis ay humahantong sa pagpapakasal. Sa maraming bansa, ang *child marriage* ay hindi lamang isang kaugaliang kultural kundi madalas ding itinuturing na isang paraan upang maibsan sa kahirapan at malalim na naka-ugnay sa mga hamong sosyo-ekonomiko (Tagorda, 2024). Ang pagpapakasal ay kaugnay ng iba't ibang pagbabago sa pamumuhay at mga bagong responsibilidad, na nagdudulot ng emosyonal, sosyal, at pinansyal na hamon, lalo na sa mga kabataan (Marphatia et al., 2017; Nour, 2009). Ang emosyonal na epekto ng maagang pag-aasawa ay partikular na malala para sa mga babae (Raj et al., 2018). Sa pagpapakasal din nagtatapos ang pormal na edukasyon ng isang babae, na naglilimita sa kanilang personal na kalayaan (Field & Ambrus, 2008; Marphatia et al., 2020; Sekine & Hodgkin, 2017). Sa ganitong sitwasyon, ang mga babaeng may mababang antas ng edukasyon ay maaaring walang akses sa serbisyong antenatal at mas malamang na hindi makilahok sa paggawa ng desisyon sa loob ng sambahayan, kabilang ang mga desisyon tungkol sa kanilang sariling kalusugan (Miller et al., 2022).

Sa Pilipinas, ang *teenage pregnancy* ay matagal nang naging malaking alalahanin at idineklara itong *national social emergency* noong Hunyo 2021. Ang House Bill 4742 (2017) at Senate Bill 1482 (2017) ay naglarawan sa *teenage prgnancy* bilang mga batang babae na may edad 15–19 na buntis sa unang pagkakataon o mga batang ina na. Gayunpaman, ayon sa datos ng Philippine Statistics Authority (PSA) noong 2018, may mga naitalang pagbubuntis sa mga kababaihang sampung taong gulang pa lamang (Calara et al., 2023).

Ang mga katutubong at Islamikong komunidad sa Pilipinas, lalo na sa rehiyon ng Muslim Mindanao, ay isang malinaw na halimbawa ng hamon sa *early marriage*. Ang mga rehiyon ay nag-ulat ng labis na mataas na bilang ng *early marriage*, kung saan ang mga istatistika ay nagpapakita na isa sa bawat anim na batang babae ang apektado (Oxfam Philippines, 2021; Tagorda, 2024). Ito ay may kaugnayan sa suliranin sa *teenage pregnancy* dulot ng kanilang relihiyon at paniniwala. Ayon sa mga batas Islamiko, kapag ang isang batang lalaki ay umabot na sa edad na labinlima o naging sekswal na aktibo, siya ay itinuturing na baligh (mature) at nakarating na sa puberty (Unos & Calib, 2022).

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong bigyang pansin ang epekto ng maagang pag-aasawa sa emosyonal, mental, relasyonal, pinansyal, espiritwal, at sosyal na aspeto ng buhay ng mga mag-aaral sa Sulu State College Luuk Extension. Marami nang pag-aaral patungkol sa suliranin ng *early marriage* sa Muslim Mindanao, ngunit ang pananaliksik na ito ay nais bigyang diin ang mga epekto ng maagang pag-aasawa sa mga mag-aaral. Naniniwala ang mga mananaliksik na ang pag-aasawa nang maaga ay may kaakibat na maganda at masamang epekto sa mga mag-aaral. Nararapat na bigyan ito ng pansin upang mas mapabuti ang estado ng pamumuhay ng mga kabataan, maibsan ang suliranin sa maagang pagbubuntis, at maitaguyod ang kaunlaran ng rehiyon.

## Kaugnay na Literatura

### *Maagang pag-aasawa sa kabataan*

Ang edad ng maagang pagpapakasal ay tinutukoy batay sa mga kultural, sosyal, relihiyoso, at etnikong aspeto ng bawat lipunan (Cislaghi et al., 2019; Liversage, 2012; Torabi & Baschieri, 2010). Sa tradisyonal na konsepto ng kasal, ang mga magulang ay mayroong malaking papel sa edad ng unang kasal pati na rin sa pagpili ng kapareha ng kanilang anak (Van Zantvliet et al., 2014). Sa pangkalahatan, ang maagang pagpapakasal ay karaniwan lalo na sa mga bansang umuunlad at sa mga rehiyon kung saan hindi pinapayagan ang pagbubuntis nang hindi kasal (Bates et al., 2007; Qureshi, 2022; Rasul et al., 2022). Sa mga rehiyong ito, ang edad ng unang pag-aasawa ay naaapektuhan ng iba't ibang mga salik sa sosyal, ekonomiya, at kultura (tulad ng etnisidad at antas ng edukasyon), lalo na sa mga kababaihan (Rasul et al., 2022).

### *Pagpapakasal sa ideya ng Islam*

Sa Islam, isa sa mga mahahalagang dahilan ng pagkundena sa paniniwala ay ang pagtanggi at malayang paglabag sa mga hangganan ng etika at moralidad (Ali & Muhsin, 2014) at tiyak, ang pagpapakasal ay isa sa mga pangunahing usapin ng etika at moralidad sa Islam (Ahmad, 2018).

Ang Presidential Decree Bilang 1083, na kilala bilang The Code of Muslim Personal Laws of the Philippines, ay nagpapahayag na ang lalaking Muslim na may edad na hindi bababa sa labinlimang taon at babae na Muslim na kasalukuyang nasa *puberty stage* (labinlimang taong gulang) o pataas ay maaaring magpakasal. Ito ay iba sa The Family Code of The Philippines na nagsasabing ang sinumang nasa may edad na labing-walong taon pataas ay maaaring magpakasal (Unos & Calib, 2022).

Sa pananaliksik ni Sali (2021) sa Tawi-Tawi, natuklasan na hindi nakakaapekto nang negatibo ang maagang pag-aasawa sa mga pananagutan sa espiritwal ng mga mag-asawa; ngunit negatibong naapektuhan nito ang kanilang mga buhay sa sosyo-ekonomiko. Natagpuan din sa pag-aaral na ito ang mga kaso ng alitan sa pamilya na sanhi ng paghihiwalay ng mag-asawang nagpakasal nang maaga. Sa kabilang banda, ang pagtaas ng antas ng edukasyong Islamiko ay kaugnay ng pagtaas ng nais na makapagtapos sa kolehiyo upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan sa pamilya.

### *Epekto ng pagpapakasal nang maaga*

Inilathala ng maraming pag-aaral anf epekto ng maagang pag-aasawa sa mga kababaihan. Halimbawa, ang maagang pag-aasawa ay maaaring magdulot ng maraming negatibong epekto sa mga babae, na nagpapahina sa kanilang pisikal, mental, at sosyal na kalusugan. Sa sikolohikal na aspeto, ang maagang pag-aasawa ay nauugnay sa pagtaas ng insidente ng mga *mood disorder* tulad ng depresyon, *anxiety*, *obsessive-compulsive disorder*, at maging ang pagpapakamatay (Rumble et al., 2018). Mula sa panlipunang pananaw, ang maagang pag-aasawa ay maaaring humantong sa maagangpaghihiwalay, mga alitan, pang-aabuso ng asawa, karahasan sa tahanan, pagtataksil at mga relasyong labas, pagpatay, kawalan ng edukasyon, kakulangan sa pag-develop ng mga kasanayang sosyal, at pagiging mapag-isa (Clark et al., 2010; Nguyen & Wodon, 2014; Rosmiati et al., 2022; Santhya et al., 2010). Bukod dito, ang maagang pagbubuntis at preterm delivery, pagtaas ng mortality rate ng mga buntis na kabataan sa panahon ng panganganak, pagtaas ng kaso ng human immuno-deficiency virus (HIV) at iba pang sexually transmitted infections, mas mataas na neonatal mortality at anemia, labis na panganib ng preeclampsia at postpartum hemorrhage, at komplikado at matagal na panganganak ay kabilang sa iba pang mga epekto ng maagang pag-aasawa (Fan & Koski, 2022; Sagalova et al., 2021).

Limitado lamang ang nalalaman ukol sa epekto ng maagang pagpapakasal sa mga kalalakihan. Mababatid na para sa kalalakihan, malaki ang gampanin ng pinansyal at ekonomikal na estado ng kanilang pamilya upang maging masaya sa kanilang pag-aasawa (Chauhan & Sekher, 2023; Zaheri et al., 2016). Maaaring maiugnay ang *marital satisfaction* sa mga kalalakihan kanilang estadon sa buhay. Ayon kay Allendorf (2012), tuwing binibisita niya ang mga miyembro ng mas mayayamang pamilya, madalas niya silang nakikitang magkasama at nag-uusap, taliwas sa mga mahihirap na pamilya na madalas nasa bukid para sa ilang mga gawaing pangkabuhayan. Ito ay may katuturan dahil ang mga mas mayayamang tao ay may mas maraming oras para sa paglilibang dahil sa kanilang estado sa ekonomiya, na nagreresulta sa mas mataas na kasiyahan sa pag-aasawa. Maaaring sabihin na hindi gaanong naaapektuhan ang mga kalalakihan sa maagang pag-aasawa hindi tulad ng mga kababaihan, ngunit sila ay may responsibilidad na magtrabaho upang maitaguyod ang kanilang pamilya. Malaki ang gampanin ng *marital satisfaction* sa kanilang pagsasama sapagkat dito nagmumula ang katatagan ng kanilang pamilya.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayon na makakalap ng impormasyon ukol sa mga epekto ng maagang pag-aasawa ng mga batang mag-aaral ng Sulu Sate College, Luuk Extension. Ang mga imprmasyong makakalap ay gagamitin para makabuo ng mga kongkretong impormasyon para maging aral na magmumulat sa mga mata ng kabataan. Ang pag-aaral na ito ay sasagutin ang mga sumusunod na katanungan ayon sa:

1. Ano ang demograpikong katangian ng mga mag-aaral batay sa kanilang:
   - 1.1. Kasarian
   - 1.2. Antas ng edukasyon
   - 1.3. Edad noong nag-asawa
   - 1.4. Estadong marital
   - 1.5. Estadong pang-edukasyon;
2. Ano ang mga epekto ng maagang pag-aasawa ng mga mag-aaral ayon sa iba't ibang salik?
   - 2.1. Emosyonal;
   - 2.2. Espiritwal;
   - 2.3. Mental;
   - 2.4. Pinansyal;
   - 2.5. Relasyonal; at,
   - 2.6. Sosyal.

**Metodolohiya**

1. *Disenyo ng Pananaliksik*

Ang pananaliksik na ito ay isang *descriptive-comparative research* na naglalayong bigyang pansin ang pinagdadaanan ng mga mag-aaral sa Sulu State College Luuk Extension na maagang nakapag-asawa. Ang pananaliksik ay naglalayong bigyand diin ang mga epekto ng maagang pag-aasawa batay sa (i) emosyonal, (ii) espiritwal, (iii) mental, (iv) pinansyal, (v) relasyonal, at (vi) sosyal. Ang pananaliksik na ito rin ay naglalayong ikumpara ang epekto ng maagang pag-aasawa ayon sa demograpikong pagkakilanlan ng mga mag-aaral.

Ang descriptive research ay isang uri ng pananaliksik na naglalayong ilarawan o ipakita ang mga katangian ng isang populasyon, pangyayari, o penomenon. Hindi ito naglalayon na maghanap ng mga sanhi o magbigay ng paliwanag sa mga nangyayari, kundi higit na nakatuon sa pagkuha

ng eksaktong larawan ng kung ano ang kasalukuyang kalagayan (Chavez et al., 2023a; Chavez & Lamorinas, 2023; Chavez, 2020ab).

2. *Pagpili ng Respondante*

Ang mga respondente ay mga piling batang mag-aaral na nasa edad 15-18 na taong gulang. Ang mga batang ito ay mga mag-aaral na maagang nakapag-asawa. *Purposive sampling* ang ginamit na pamamaraan sa pagpili ng mga magiging respondante ng pananaliksik na ito.

Ang *purposive sampling* ay isang pamamaraan sa pagsasaliksik kung saan pinipili ang mga kalahok batay sa kanilang partikular na katangian o kahalagahan sa pag-aaral (Chavez, 2021; Chavez et al., 2023b; Chavez & Ceneciro, 2023). Sa pananaliksik na ito, ang mga mag-aaral ay pinili batay sa talaan ng Registrar's Office ng Sulu State College. Mayroong isangdaang (n=100) mag-aaral ang pinili upang maging bahagi ng pananaliksik.

*3.* Instromentong Pananaliksik

Ang instrumentong ginamit sa pagkuha ng mga kailangang datos sa pag-aaral ay isang sarbey kwestyuner na inihuwad at hiniram mula sa pag-aaral ni Velazquez Jr. et. al., (2013). Ang mga may asawang mga batang mag-aaral ay gagawing sabjek ng sarbey. Sila ay pasasagutin sa kwestyuner sa pamamagitan ng pag-tsek (√) at ito na nahahati sa dalawang bahagi. Ang unang bahagi ay mga pansariling datos tulag ng pangalan, edad, kasarian, kurso, natapos ng mga magulang at buwanan kita ng mga magulang. Ang ikalawang bahagi ay ang sarbey sa epekto ng maagang pag-aasawa na may dalawampung (20) pangungusap hinggil sa epekto ng maagang pag-aasawa ayon (i) emosyonal, (ii) espiritwal, (iii) mental, (iv) pinansyal, (v) relasyonal, at (vi) sosyal.

4. *Pagkalap ng Datos*

Ang mananaliksik ay nagsumite ng Communication Letter sa Registrar's Office ng Sulu State College upang makahanap ng rekord ng mga batang mag-aaaral na maagang nag-asawa. Ang mananaliksik ay nakapili ng isangdaang mag-aaral na maaaring maging respondante.

Ang mga maaaring maging respondante at kinontak sa pamamagitan ng *online channels* tulad ng *email* o *social media*. Ang mananaliksik ay humingi ng permiso sa pagkalap ng mga datos sa mga mag-aaral. Ang mga potensyal na kalahok ay binigyan ng paanyaya sa pagsali sa sarbey sa pamamagitan ng Google Forms. Kalakip rin nito ang ginawang kwestyuner. Ang mga respondante at binigyan ng dalawang linggo upang sagutan ang kwestyuner.

*4. Estatistikong Paglalapat ng mga Datos*

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng pagsusuri ng estatistika upang isagawa ang isang masusing pagsusuri ng mga emperikal na datos. Partikular, ang pagsusuri ay isinagawa gamit ang Jeffreys's Amazing Statistics Program (JASP) bersyon 0.18.2.

Ang *percent* ay ginamit upang mapadali ang paghahambing sa iba't ibang mga grupo o kategorya. Ginamit ang paraang ito upang matukoy ang mga proporsyon ng mga respondante na nabibilang sa mga demograpikong grupo.

Ang *weighted mean* ay kinakalkula upang matukoy ang *average* ng isang dataset, kung saan bawat halaga ay mayroong karampatang timbang. Sa pamamagitan nito, nagkaroon ng matematikal na representasyon ang sagot ng mga respondanted sa kwestyuner.

## Presentayon at Pagsusuri

***Demograpikong katangian ng mga mag-aaral***

Makikita sa **Talahanayan 1** ang demograpikong katangian ng mga mag-aaral sa Sulu State College Luuk Extension na maagang nakapag-asawa. Mababatid na karamihan sa kanila (95.1%) ay nasa kolehiyo at iilan lamang ang nasa sekundarya (4.9%). Wala namang datos ang nakalap mula sa mga mag-aaral na nasa elementarya at bokasyonal.

Kapansin-pansin din na karamihan sa kanila ay 18 taong gulang (49.5%) at 17 taong gulang (32.0%). May ilang mag-aaral na 16 na taong gulang pa lamang (9.7%), 15 taong gulang (5.8%), at 14 na taong gulang (2.9%).

Sa talahanayan na ito, karamihan sa kanila ay mga babae (64.1%). Ang mga natitira (35.9%) ay mga lalaking mag-aaral.

**Talahanayan 1.** Demograpikong katangian ng mga mag-aaral na nakapag-asawa

| | Bilang | Porsyento |
|---|---|---|
| *Antas ng Edukasyon* | | |
| Elementarya | 0 | 0% |
| Sekondarya | 5 | 4.9% |
| Kolehiyo | 98 | 95.1% |
| Bokasyonal | 0 | 0% |
| *Edad noong nag-asawa* | | |
| 18 taong gulang | 51 | 49.5% |
| 17 taong gulang | 33 | 32.0% |
| 16 taong gulang | 10 | 9.7% |
| 15 taong gulang | 6 | 5.8% |
| 14 taong gulang | 3 | 2.9% |
| 13 taong gulang | 0 | 0% |
| *Kasarian* | | |
| Lalaki | 37 | 35.9% |
| Babae | 66 | 64.1% |
| *Estadong Marital* | | |
| Walang asawa | 6 | 5.8% |
| May asawa | 79 | 76.7% |
| Hiwalay | 18 | 17.5% |
| *Estadong Pang-edukasyon* | | |
| Kasalukuyang nag-aaral | 32 | 31.1% |
| Huminto sa pag-aaral | 71 | 68.9% |

Malaking bilang ng mag-aaral ang may asawa (76.7%). Iilan sa mga mag-aaral ay hiwalay sa kanilang asawa (17.5%). Maliit na bahagi lamang ang mga may anak ngunit walang asawa (5.8%).

Batay naman sa kanilang estadong pang-edukasyon, malaking bahagi ng mga mag-aaral ang huminto na sa kanilang pag-aaral (68.9%) habang iilan naman (31.1%) ang nagpapatuloy.

### *Epekto ng maagang pag-aasawa*

Sa **Talahanayan 2** makikita ang epekto ng maagang pag-aasawa ayon sa emosyonal na salik. Makikita na ang mga mag-aaral ay inilahad na *"masarap sa pakiramdam kapag yakap ko ang aking anak" ($\bar{x}$=4.00; σ=0.00)*, *"masaya sa pakiramdam kapag hinahanap ako ng aking anak" ($\bar{x}$=4.00; σ=0.00), "ipinagmamalaki ko ang aking anak" ($\bar{x}$=4.00; σ=0.00),* at *"nag-aalala ako kapag maysakit ang anak ko" ($\bar{x}$=4.00; σ=0.00).*

**Talahanayan 2.** Epekto ng maagang pag-aasawa ayon sa emosyonal na salik

| Emosyonal na Salik | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Ipinagmamalaki ko ang aking anak. | 4.000 | 0.000 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Masarap sa pakiramdam kapag yakap ko ang aking anak. | 4.000 | 0.000 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Masaya sa pakiramdam kapag hinahanap ako ng aking anak. | 4.000 | 0.000 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Masaya sa pakiramdam kapag tumatawa ang aking anak. | 4.000 | 0.000 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Maligaya ako sa piling ng aking anak. | 4.000 | 0.000 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nag-aalala ako kapag may sakit ang anak ko. | 4.000 | 0.000 | Lubos na Sumasang-ayon |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Masaya ang buhay na may anak. | 4.000 | 0.000 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nawawala ang inis ko pag nakikita ko ang aking anak. | 4.000 | 0.000 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nasasaktan ako tuwing umiiyak ang anak ko. | 3.864 | 0.344 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Natataranta ako kapag umiiyak ang anak ko. | 3.825 | 0.382 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Napaiyak ako sa saya nang nalaman ko na buntis ako. | 3.864 | 0.344 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nasisigawan ko ang anak ko kapag ako ay nagagalit. | 3.825 | 0.382 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Malungkot magdalang–tao. | 3.864 | 0.344 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Kabuuan** | **3.942** | | **Lubos na Sumasang-ayon** |

***Iskala:*** 3.50–4.00 (Lubos na sumasang-ayon); 2.50–3.49 (Sumasang-ayon); 1.50–2.49 (Hindi sumasang-ayon); 1.00–1.49 (Lubos na hindi sumasang-ayon)

Sa **Talahanayan 2** naman makikita ang epekto ng maagang pag-aasawa ayon sa expiritwal na salik. Inilahan ng mga mag-aaral na *'iniisip ko na kasalanan ko ang mag-asawa nang maaga" ($\bar{x}$=3.767; σ=0.425), "iniisip ko na may dahilan kung bakit ako nakapag-asawa nang maaga" ($\bar{x}$=3.728; σ=0.447),* at *"iniisip ko na pagsubok mula sa Panginoon lahat ng problema ko" ($\bar{x}$=3.660; σ=0.476).*

**Talahanayan 2.** Epekto ng maagang pag-aasawa ayon sa espiritwal na salik

| **Espiritwal na Salik** | **Mean** | **SD** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|---|
| Iniisip ko na pagsubok mula sa Panginoon lahat ng problema ko. | 3.660 | 0.476 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Iniisip ko na may dahilan kung bakit ako nakapag-asawa nang maaga. | 3.728 | 0.447 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Iniisip ko na kasalanan ko ang mag-asawa nang maaga. | 3.767 | 0.425 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Sumasagi sa aking isipan na wala sa plano ng Panginoon ang maaga kong pag-aasawa. | 3.592 | 0.494 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Kabuuan** | **3.687** | | **Lubos na Sumasang-ayon** |

***Iskala:*** 3.50–4.00 (Lubos na sumasang-ayon); 2.50–3.49 (Sumasang-ayon); 1.50–2.49 (Hindi sumasang-ayon); 1.00–1.49 (Lubos na hindi sumasang-ayon)

Sa **Talahanayan 3**, inilahad ng mga mag-aaral na *"sapat ang oras ng aking pagtulog" ($\bar{x}$=3.670; σ=0.473), "pumapasok sa isip ko ang pagsisisi sa pag-aasawa ko nang maaga" ($\bar{x}$=3.612; σ=0.490), "madalas akong ma-stress pag-naiisip ko na ako ay isang batang ama o ina" ($\bar{x}$=3.583; σ=0.496),* at *"wala na akong tiwala sa aking sarili" ($\bar{x}$=3.573; σ=0.497).*

**Talahanayan 3.** Epekto ng maagang pag-aasawa ayon sa mental na salik

| **Mental na Salik** | **Mean** | **SD** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|---|
| Nakakatulog ako nang maayos. | 3.427 | 0.946 | Sumasang-ayon |
| Sapat ang oras ng aking pagtulog. | 3.670 | 0.473 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Iniisip ko noon kung handa na ba akong mag-asawa nang maaga. | 3.485 | 0.502 | Sumasang-ayon |
| Iniisip ko kung bakit nangyari sa akin ito. | 3.524 | 0.502 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Pilit kong iniisip na hindi ako dapat ma-depress. | 3.320 | 0.660 | Sumasang-ayon |
| Madalas kong naiisip ang mga problemang kalakip ng aking pag-aasawa nang maaga. | 3.515 | 0.502 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Madalas akong ma-stress pag-naiisip ko na ako ay isang batang ama o ina. | 3.583 | 0.496 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Pumapasok sa isip ko ang pagsisisi sa pag-aasawa ko nang maaga. | 3.612 | 0.490 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Wala na akong tiwala sa aking sarili. | 3.573 | 0.497 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Kabuuan** | **3.523** | | **Lubos na Sumasang-ayon** |

***Iskala:*** 3.50–4.00 (Lubos na sumasang-ayon); 2.50–3.49 (Sumasang-ayon); 1.50–2.49 (Hindi sumasang-ayon); 1.00–1.49 (Lubos na hindi sumasang-ayon)

Makikita sa **Talahanayan 4** ang epekto ng maagang pag-aasawa ayon sa pinansyal na salik. Inilahad ng mga mag-aaral na *"nabibili ko lahat ng pangangailangan namin" ($\bar{x}$=3.854; σ=0.354), "kapos kami sa pangangailangang pinansyal" ($\bar{x}$=3.854; σ=0.354), "nakabibili ako ng mga bagay alinsunod sa aking mga luho" ($\bar{x}$=3.718; σ=0.452), "tinitipid ko sa wastong pangangailangan ang aking anak" ($\bar{x}$=3.757; σ=0.431).*

**Talahanayan 4.** Epekto ng maagang pag-aasawa ayon sa pinansyal na salik

| Pinansyal na Salik | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Maayos ang bahay na tinitirhan namin. | 3.505 | 0.684 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Sapat ang pagkain naming sa araw – araw. | 3.641 | 0.669 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Napupupnan ng aking asawa ang pangangailangang pinansyal ng aming pamilya. | 3.447 | 0.947 | Sumasang-ayon |
| Naibibili ko ng waston pangangailangan ang aking anak. | 3.524 | 0.502 | Lubos na Sumasang-ayon |
| May sarili kaming bahay. | 3.563 | 0.498 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nangungutang kami sa tindahan. | 3.388 | 0.490 | Sumasang-ayon |
| Nabibili ko lahat ng pangangailangan namin. | 3.854 | 0.354 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Kapos kami sa pangangailangang pinansyal. | 3.854 | 0.354 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nakabibili ako ng mga bagay alinsunod sa aking mga luho. | 3.718 | 0.452 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Tinitipid ko sa wastong pangangailangan ang aking anak. | 3.757 | 0.431 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Kabuuan** | **3.625** | | **Lubos na Sumasang-ayon** |

***Iskala:*** 3.50–4.00 (Lubos na sumasang-ayon); 2.50–3.49 (Sumasang-ayon); 1.50–2.49 (Hindi sumasang-ayon); 1.00–1.49 (Lubos na hindi sumasang-ayon)

Sa **Talahanayan 5** inilahad ng mga mag-aaral na *"maayos ang relasyon naming mag-anak" ($\bar{x}$=4.00; σ=0.00), "maayos ang relasyon ko sa anak ko" ($\bar{x}$=3.815; σ=0.284), "alam lahat ng kakilala ko na may anak ako" ($\bar{x}$=3.893; σ=0.310),* at *"mas tumibay ang relasyon namin mag-asawa" ($\bar{x}$=3.893; σ=0.310).*

**Talahanayan 5.** Epekto ng maagang pag-aasawa ayon sa relasyonal na salik

| Relasyonal na Salik | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Maayos ang relasyon ko sa kinakasama ko. | 3.534 | 0.683 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Maayos ang relasyon ko sa anak ko. | 3.915 | 0.284 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Maayos ang relasyon naming mag-anak. | 4.000 | 0.000 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Alam lahat ng kakilala ko na may anak ako. | 3.893 | 0.310 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Mas tumibay ang relasyon namin mag-asawa. | 3.893 | 0.310 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Humihingi ako ng payo sa mga nakakatanda. | 3.660 | 0.476 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Palagi akong pinagsasabihan ng mga matatanda. | 3.718 | 0.452 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nakakatulong sa akin ang mga ninang at ninong ng anak ko. | 3.573 | 0.497 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Minsan nasa mga biyenan ko ang anak ko. | 3.573 | 0.497 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nakakatambay pa ako kasama ang aking mga kaibigan. | 3.748 | 0.437 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Kabuuan** | 3.751 | | **Lubos na Sumasang-ayon** |

***Iskala:*** 3.50–4.00 (Lubos na sumasang-ayon); 2.50–3.49 (Sumasang-ayon); 1.50–2.49 (Hindi sumasang-ayon); 1.00–1.49 (Lubos na hindi sumasang-ayon)

Sa **Talahanayan 6** inilahad ng mga mag-aaral na *"naapektuhan ako sa mga sinasabi ng iba" ($\bar{x}$=3.178; σ=0.383), "nakakaranas ako ng hindi pagtanggap sa lipunan" ($\bar{x}$=3.10; σ=0.411), "nahihiya akong lumabas ng bahay kasama ang aking anak" ($\bar{x}$=3.078; σ=0.270),* at *"pinagtitinginan ako kapag kasama ko ang anak ko" ($\bar{x}$=3.893; σ=0.310).*

**Talahanayan 6.** Epekto ng maagang pag-aasawa ayon sa sosyal na salik

| Sosyal na Salik | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| May nagbibigay sa amin ng gamit ng mga bata. | 2.559 | 0.573 | Sumasang-ayon |
| Napagkakamalan nila na kapatid ko ang aking anak. | 2.618 | 0.564 | Sumasang-ayon |
| Nakakasali pa din ako sa mga proyektong panlipunan. | 2.451 | 0.779 | Hindi Sumasang-ayon |
| Mas inuuna kami pag sa pila. | 2.657 | 0.477 | Sumasang-ayon |
| Naapektuhan ako sa mga sinasabi ng iba. | 3.178 | 0.383 | Sumasang-ayon |
| Pinagtitinginan ako kapag kasama ko ang anak ko. | 2.941 | 0.642 | Sumasang-ayon |
| Naiilang akong sumama sa aking mga kaibigang mga binata o dalaga. | 2.294 | 0.874 | Hindi Sumasang-ayon |
| Nakakaranas ako ng hindi pagtanggap sa lipunan. | 3.100 | 0.411 | Sumasang-ayon |
| Nagbago ang pagtingin sa akin ng aking mga kaibigan. | 2.843 | 0.641 | Sumasang-ayon |
| Nahihiya akong lumabas ng bahay kasama ang aking anak. | 3.078 | 0.270 | Sumasang-ayon |
| **Kabuuan** | 2.772 | | **Sumasang-ayon** |

***Iskala:*** 3.50–4.00 (Lubos na sumasang-ayon); 2.50–3.49 (Sumasang-ayon); 1.50–2.49 (Hindi sumasang-ayon); 1.00–1.49 (Lubos na hindi sumasang-ayon)

Mababatid na ang mga mag-aaral sa Sulu State College Luuk Extension ay may positibong emosyon sa kanilang maagang pag-aasawa. Para sa kanila, masaya ang buhay na may anak at sila ay maligaya ako sa piling ng kanilang anak. Ang ganitong pananaw ay maaaring nagmumula sa mga kultural at tradisyonal na halaga na nagpapahalaga sa pamilya at maagang pag-aasawa. Sa maraming komunidad, ang pagkakaroon ng pamilya sa murang edad ay itinuturing na tanda ng responsibilidad at pagiging handa sa buhay (Crooks et al., 2022; Lluch-Canut et al., 2013; Ryff, 1989). Ang mga aspeto ng *psychological well-being* at positibong emosyon ay maaaring maiugnay sa pagtanggap sa sarili, positibong ugnayan sa iba, interaksyon sa kapaligiran, pagiging responsable, pagkakaroon ng layunin sa buhay, at personal na pag-unlad (Monterrosa-Castro et al., 2023). Bukod dito, ang suporta at pagmamahal mula sa pamilya ay maaaring nagbibigay ng seguridad at kaligayahan na nakakatulong sa mga mag-aaral na magkaroon ng positibong emosyon sa kanilang maagang pag-aasawa. Ang pagtanggap sa sarili ay maaaring nagpapalalim ng kanilang pananaw sa buhay at nagdudulot sa kanila upang magkaroon ng positibong papanaw sa pagkakaroon ng pamilya sa maagang eded. Ang pagiging responsable at pagkakaroon ng layunin sa buhay ay nagbibigay direksyon at motibasyon sa mga kabataan, na tumutulong sa kanila na makamit ang kanilang mga mithiin. Sa huli, ang personal na pag-unlad ay sumasalamin sa patuloy na pagsisikap na pagbutihin ang sarili at matuto mula sa mga karanasan (Bisri et al., 2022; Jiang, 2022; von Humboldt et al., 2022).

Ang pagkakaroon ng positibong emosyon at mentalidad ay maaaring maiuugnay sa iba't-ibang aspeto ng buhay. Halimbawa, ang pagkakaroon ng positibong pananaw ay malaki ang naitutulong sa pagpapanatili at pagpapalakas ng mabuting ugnayan sa ibang tao (Jäckel & Garai-Fodor, 2023; Yoo, 2022). Kapag ang isang indibidwal ay may positibong pananaw, mas madali siyang makitungo sa iba nang may kabutihan, pag-unawa, at respeto (Montuori et al., 2022; Zammitti et al., 2022). Ngunit sa pag-aaral na ito, ang mga mag-aaral ay nakakitaan ng negatibong mentalidad sa kanilang sitwasyon tulad ng kawalan ng tiwala sa sarili, pagsisisi, at *stress.*

Kahit na positibo ang emosyon ng mga mag-aaral sa pagkakaroon ng pamilya sa maagang edad, sila ay nakakaranas pa rin ng negatibong mentalidad maaaring dulot na rin sa mga tao sa paligid at kasalukuyang estadong pinansyal nila. Ang mga negatibong komento o paghusga mula sa ibang tao ay maaari ring magpababa ng kanilang tiwala sa sarili at magdulot ng pagsisisi sa kanilang mga desisyon (Bokhari et al., 2022; Boulton & Macaulay, 2023; Man et al., 2022). Sa kabila ng kanilang positibong pananaw sa pagkakaroon ng pamilya, ang mga mag-aaral ay kailangang harapin ang mga reyalidad ng kanilang sitwasyon na nagiging sanhi ng negatibong mentalidad. Ang suporta mula sa kanilang komunidad, pamilya, at institusyon ay mahalaga upang matulungan silang mapagtagumpayan ang mga hamong ito. Ang mga programa na naglalayong magbigay ng pinansyal na tulong, edukasyon, at emosyonal na suporta ay maaaring makatulong upang mapabuti ang kanilang kalagayan at mapalakas ang kanilang kakayahan na harapin ang mga pagsubok.

Sa pamamagitan ng pagbibigay ng tamang suporta at pag-unawa sa kanilang sitwasyon, maaaring mabawasan ang negatibong mentalidad ng mga mag-aaral at mapalakas ang kanilang positibong emosyon. Sa huli, ito ay makakatulong hindi lamang sa kanilang sariling kalusugan pangkaisipan kundi pati na rin sa kanilang kakayahan na magtagumpay sa buhay at makapagbuo ng mas matibay at mapayapang pamilya.

## Conclusion

Sa pag-aaral na isinagawa sa Sulu State College Luuk Extension, natuklasan na ang mga mag-aaral ay may positibong emosyon sa kanilang maagang pag-aasawa. Para sa kanila, masaya ang buhay na may anak at sila ay maligaya sa piling ng kanilang anak. Gayunpaman, sa kabila ng kanilang positibong emosyon, nakakaranas pa rin ng negatibong mentalidad ang mga mag-aaral na dulot ng kanilang sitwasyon. Kabilang dito ang kawalan ng tiwala sa sarili, pagsisisi, at stress, na maaaring resulta ng negatibong komento o paghusga mula sa iba at kasalukuyang estadong pinansyal nila. Ang kaligayahan at kasiyahan na dulot ng pagkakaroon ng pamilya sa murang edad ay nagbibigay ng motibasyon at layunin sa buhay ng mga kabataan. Ngunit ang mga negatibong aspeto tulad ng kawalan ng tiwala sa sarili at stress ay nagpapakita na hindi sapat ang emosyonal na suporta upang mapanatili ang kanilang kalusugang pangkaisipan.

Ang mga programang naglalayong magbigay ng pinansyal na tulong, edukasyon, at emosyonal na suporta ay maaaring makatulong upang mapabuti ang kalagayan ng mga mag-aaral at mapalakas ang kanilang kakayahan na harapin ang mga pagsubok. Sa pamamagitan ng tamang suporta at pag-unawa sa kanilang sitwasyon, maaaring mabawasan ang negatibong mentalidad at mapalakas ang positibong emosyon ng mga mag-aaral. Ang ganitong mga programa ay mahalaga upang matulungan ang mga kabataan na hindi lamang makayanan ang kanilang kasalukuyang sitwasyon kundi pati na rin upang magkaroon ng mas maliwanag na kinabukasan.

## References

Ali, A., Khaliq, A., Lokeesan, L., Meherali, S., & Lassi, Z. S. (2022). Prevalence and predictors of teenage pregnancy in Pakistan: a trend analysis from Pakistan Demographic and Health Survey datasets from 1990 to 2018. *International health*, *14*(2), 176-182.

Ali, M. M., & Muhsin, S. M. (2016). RISE AND FALL OF CIVILIZATION: CAUSES FROM THE PERSPECTIVE OF THE QUR'AN. *UMRAN-International Journal of Islamic and Civilizational Studies*, *3*(1).

Allendorf, K. (2012). Marital quality from a rural Indian context in comparative perspective. *Journal of Comparative Family Studies*, *43*(4), 527-544.

Anita Raj, A. R., Jackson, E., & Dunham, S. (2018). Girl child marriage: a persistent global women's health and human rights violation.

Bates, L. M., Maselko, J., & Schuler, S. R. (2007). Women's education and the timing of marriage and childbearing in the next generation: evidence from rural Bangladesh. *Studies in Family Planning*, *38*(2), 101-112.

Bisri, M., Pertiwi, Y. B., Eva, N., & Chusniyah, T. (2022). Personal growth initiatives and life satisfaction among elderly people. *Psychology Research on Education and Social Sciences*, *3*(2), 43-48.

Bokhari, U., Shoaib, U., Ijaz, F., Aftab, R. K., & Ijaz, M. (2022). Effects of bullying on the mental health of adolescents. *The Professional Medical Journal*, *29*(07), 1073-1077.

Bolarinwa, O. A., Tessema, Z. T., Frimpong, J. B., Babalola, T. O., Ahinkorah, B. O., & Seidu, A. A. (2022). Spatial distribution and factors associated with adolescent pregnancy in Nigeria: a multi-level analysis. *Archives of Public Health*, *80*(1), 43.

Boulton, M. J., & Macaulay, P. J. (2023). Does authentic self-esteem buffer the negative effects of bullying victimization on social anxiety and classroom concentration? Evidence from a short-term longitudinal study with early adolescents. *British journal of educational psychology*, *93*(2), 500-512.

Calara, A., Tanzo, I. R., & Talento, M. S. D. (2023). Kids Having Kids: Perspectives of Adolescents and Young Adults of Los Baños, Laguna, Philippines on Teenage Pregnancy. *Asia-Pacific Social Science Review*, *23*(4).

Chauhan, S., & Sekher, T. V. (2023). Early marriage and marital satisfaction among young married men in rural Uttar Pradesh, India. *BMC Research Notes*, *16*(1), 6.

Chavez, J. V. (2020). Academic and health insecurities of indigent students during pandemic: Study on adaptive strategies under learning constraints. *Journal of Multidisciplinary in Social Sciences*, *16*(3), 74-81.

Chavez, J. V. (2020). The Effects of English as a Second Language on Bilingual Parents' English Language Dispositions. *International Journal of Novel Research in Education and Learning*, *7*(1), 12-25.

Chavez, J. V. (2021). Bilingual parents' dispositions: Precursor to developing the English language teaching curriculum. *Psychology and Education*, *58*(5), 161-166.

Chavez, J. V., & Ceneciro, C. C. (2023). Discourse analysis on same-sex relationship through the lens of religious and social belief systems. *Environment and Social Psychology*, *9*(1).
Chavez, J. V., Adalia, H. G., & Alberto, J. P. (2023). Parental support strategies and motivation in aiding their children learn the English language. In *Forum for Linguistic Studies* (Vol. 5, No. 2, pp. 1541-1541).
Chavez, J. V., Gregorio, A. M. W., Araneta, A. L., & Bihag, C. D. (2023b). Magna carta for women health workers, teachers, and minimum-wage earners in the workplace: Policy awareness and organizational compliance. *Environment and Social Psychology*, *9*(1).
Chavez, J., & Lamorinas, D. D. (2023). Reconfiguring assessment practices and strategies in online education during the pandemic. *International Journal of Assessment Tools in Education*, *10*(1), 160-174.
Chirwa, G. C., Mazalale, J., Likupe, G., Nkhoma, D., Chiwaula, L., & Chintsanya, J. (2019). An evolution of socioeconomic related inequality in teenage pregnancy and childbearing in Malawi. *PloS one*, *14*(11), e0225374. Gunawardena, N., Fantaye, A. W., & Yaya, S. (2019). Predictors of pregnancy among young people in sub-Saharan Africa: a systematic review and narrative synthesis. *BMJ global health*, *4*(3), e001499.
Cislaghi, B., Mackie, G., Nkwi, P., & Shakya, H. (2019). Social norms and child marriage in Cameroon: An application of the theory of normative spectrum. *Global public health*, *14*(10), 1479-1494.
Clark, C. J., Silverman, J. G., Shahrouri, M., Everson-Rose, S., & Groce, N. (2010). The role of the extended family in women's risk of intimate partner violence in Jordan. *Social science & medicine*, *70*(1), 144-151.
Crooks, R., Bedwell, C., & Lavender, T. (2022). Adolescent experiences of pregnancy in low-and middle-income countries: a meta-synthesis of qualitative studies. *BMC Pregnancy and Childbirth*, *22*(1), 702.
Fan, S., & Koski, A. (2022). The health consequences of child marriage: a systematic review of the evidence. *BMC public health*, *22*(1), 309.
Field, E., & Ambrus, A. (2008). Early marriage, age of menarche, and female schooling attainment in Bangladesh. *Journal of political Economy*, *116*(5), 881-930.
Jäckel, K., & Garai-Fodor, M. (2023). What represents value and happiness for the Hungarian Generation Z in 2022-2023?. In *2023 IEEE 17th International Symposium on Applied Computational Intelligence and Informatics (SACI)* (pp. 000297-000302). IEEE.
Jiang, X. (2022). Study on Self-growth of Female Characters in Disney Animation from the Perspective of Feminism. *Culture*, *7*(1), 12-18.
Liversage, A. (2012). Gender, conflict and subordination within the household: Turkish migrant marriage and divorce in Denmark. *Journal of Ethnic and Migration Studies*, *38*(7), 1119-1136.
Lluch-Canut, T., Puig-Llobet, M., Sánchez-Ortega, A., Roldán-Merino, J., Ferré-Grau, C., & Positive Mental Health Research Group. (2013). Assessing positive mental health in people with chronic physical health problems: correlations with socio-demographic variables and physical health status. *BMC Public Health*, *13*, 1-11.
Man, X., Liu, J., & Xue, Z. (2022). Effects of bullying forms on adolescent mental health and protective factors: a global cross-regional research based on 65 countries. *International journal of environmental research and public health*, *19*(4), 2374.
Marphatia, A. A., Ambale, G. S., & Reid, A. M. (2017). Women's marriage age matters for public health: a review of the broader health and social implications in South Asia. *Frontiers in public health*, *5*, 278464.
Marphatia, A. A., Saville, N. M., Manandhar, D. S., Cortina-Borja, M., Reid, A. M., & Wells, J. C. (2021). Independent associations of women's age at marriage and first pregnancy with their height in rural lowland Nepal. *American Journal of Physical Anthropology*, *174*(1), 103-116.
Melgar, J. L., Melgar, A. R., Festin, M. P. R., Hoopes, A. J., & Chandra-Mouli, V. (2018). Assessment of country policies affecting reproductive health for adolescents in the Philippines. *Reproductive health*, *15*, 1-13.
Meraj, M. A. (2018). The importance of marriage in Islam. *International Journal of Research Granthaalayah, 6(11),* 1-6.
Miller, F. A., Marphatia, A. A., Wells, J. C., Cortina-Borja, M., Manandhar, D. S., & Saville, N. M. (2022). Associations between early marriage and preterm delivery: Evidence from lowland Nepal. *American Journal of Human Biology*, *34*(5), e23709.
Monterrosa-Castro, Á., Romero-Martínez, S., & Monterrosa-Blanco, A. (2023). Positive maternal mental health in pregnant women and its association with obstetric and psychosocial factors. *BMC Public Health*, *23*(1), 1013.
Montuori, P., Sorrentino, M., Sarnacchiaro, P., Di Duca, F., Nardo, A., Ferrante, B., ... & Nardone, A. (2022). Job satisfaction: Knowledge, attitudes, and practices analysis in a well-educated population. *International journal of environmental research and public health*, *19*(21), 14214.
Natividad, J. (2013). Teenage pregnancy in the Philippines: Trends, correlates and data sources. *Journal of the ASEAN Federation of Endocrine Societies*, *28*(1), 30-30.

Nguyen, M. C., & Wodon, Q. (2014). Impact of child marriage on literacy and education attainment in Africa. *Washington, DC: UNICEF and UNESCO Statistics*.

Nour, N. M. (2009). Child marriage: a silent health and human rights issue. *Reviews in obstetrics and gynecology*, *2*(1), 51.

Okoli, C. I., Hajizadeh, M., Rahman, M. M., Velayutham, E., & Khanam, R. (2022). Socioeconomic inequalities in teenage pregnancy in Nigeria: evidence from Demographic Health Survey. *BMC Public Health*, *22*(1), 1729.

Oxfam Philippines (2021). 'The Future of BARMM: Students Stand Up Against Child Marriage'. https://philippines.oxfam.org/latest/image-story/future-barmm-students-stand-against-child-marriage (accessed 12 May 2023)

Pepito, V. C. F., Amit, A. M. L., Tang, C. S., Co, L. M. B., Aliazas, N. A. K., De Los Reyes, S. J., ... & Tanchanco, L. B. S. (2022). Exposure to family planning messages and teenage pregnancy: results from the 2017 Philippine National Demographic and Health Survey. *Reproductive Health*, *19*(1), 229.

Qureshi, A. R. H. I. A. (2022). Causes and consequences of child marriages: a pakistani perspective. *AL-QAWĀRĪR*, *3*(2), 43-54.

Rasul, A., Nasir, J. A., Akhtar, S., & Hinde, A. (2022). Factors associated with female age at first marriage: An analysis using all waves of the Pakistan Demographic and Health Survey. *Plos one*, *17*(3), e0264505.

Rosmiati, E., Mustofa, S. B., & Rahfiludin, M. Z. (2022). Effect of Early Marriage on Reproductive and Sexual Health. *Budapest International Research and Critics Institute-Journal (BIRCI-Journal)*, *5*(1).

Rumble, L., Peterman, A., Irdiana, N., Triyana, M., & Minnick, E. (2018). An empirical exploration of female child marriage determinants in Indonesia. *BMC public health*, *18*, 1-13.

Ryff, C. D. (1989). Beyond Ponce de Leon and life satisfaction: New directions in quest of successful ageing. *International journal of behavioral development*, *12*(1), 35-55.

Sagalova, V., Nanama, S., Zagre, N. M., & Vollmer, S. (2021). Long-term consequences of early marriage and maternity in West and Central Africa: Wealth, education, and fertility. *Journal of global health*, *11*.

Sali, N. R. A (2021). EFFECTS OF EARLY MARRIAGE AMONG MUSLIMS IN TAWI-TAWI, PHILIPPINES: AN ISLAMIC CIVILIZATIONAL ASSESSMENT ON ITS CORE UNIT. *International Journal of Advanced Research, 10(01),* 476-482.

Santhya, K. G., Ram, U., Acharya, R., Jejeebhoy, S. J., Ram, F., & Singh, A. (2010). Associations between early marriage and young women's marital and reproductive health outcomes: evidence from India. *International perspectives on sexual and reproductive health*, 132-139.

Sekine, K., & Hodgkin, M. E. (2017). Effect of child marriage on girls' school dropout in Nepal: Analysis of data from the Multiple Indicator Cluster Survey 2014. *PloS one*, *12*(7), e0180176.

Tagorda, Y. A. (2024). Combatting Child Marriage: A Study of Youth-Led Civil Society Initiatives in the Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao, Philippines. *Journal of Contemporary Sociological Issues*, *4*(1).

Torabi, F., & Baschieri, A. (2010). Ethnic differences in transition to first marriage in Iran: The role of marriage market, women's socio-economic status, and process of development. *Demographic Research*, *22*, 29-62.

Unos, A. K., & Calib, M. R. B. (2022). The Effects of Early Marriage in Selected Barangays of Datu Saudi-Ampatuan Municipality, Maguindanao Province. *Randwick International of Social Science Journal*, *3*(3), 457-471.

Van Zantvliet, P. I., Kalmijn, M., & Verbakel, E. (2014). Parental involvement in partner choice: The case of Turks and Moroccans in the Netherlands. *European Sociological Review*, *30*(3), 387-398.

von Humboldt, S., Mendoza-Ruvalcaba, N. M., Arias-Merino, E. D., Ribeiro-Gonçalves, J. A., Cabras, E., Low, G., & Leal, I. (2022). The upside of negative emotions: How do older adults from different cultures challenge their self-growth during the COVID-19 pandemic?. *Frontiers in Psychology*, *13*, 648078.

Yoo, J. (2022). Attitude toward leisure, satisfaction with leisure policy, and happiness are mediated by satisfaction with leisure activities. *Scientific Reports*, *12*(1), 11723.

Zaheri, F., Dolatian, M., Shariati, M., Simbar, M., Ebadi, A., & Azghadi, S. B. H. (2016). Effective factors in marital satisfaction in perspective of Iranian women and men: A systematic review. *Electronic physician*, *8*(12), 3369.

Zammitti, A., Russo, A., Magnano, P., & Guarnera, M. (2022). Work engagement as a moderating factor between positive attitude toward smart working and job and life satisfaction. *European Journal of Investigation in Health, Psychology and Education*, *12*(7), 781-791.